Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG PEBRERO, 2003, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 051-T'03

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY JASAAN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN LABING ANIM NA LIBO ISANG DAAN APATNAPU'T WALONG PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P116,148.80).*

*SAPAGKA'T,* may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Jasaan para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

*SAPAGKA'T,* matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Jasaan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernarso E. Ison, Roselon F. Pamatmat at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Jasaan na nagkakahalaga ng P116,148.80.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagasuri at Sang. Brgy ng Jasaan lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

52